

Pangalan ng Claimant  
Address ng Claimant  
Lungsod, CA ZIP Code

### ABISO NG KINAKAILANGAN UPANG MAGPAREHISTRO PARA SA TRABAHO

Ngayong naghain ka na ng paghahabol (claim) sa Insurance para sa Kawalan ng Trabaho (Unemployment Insurance o UI), kinakailangan ng Kagawaran ng Pag-unlad sa Pagtatrabaho (Employment Development Department o EDD) na magparehistro ka para makapagtrabaho sa pamamagitan ng paggamit sa CalJOBS<sup>SM</sup>, ang online na system sa pagpapalitan ng trabaho (labor exchange) ng California.

Mayroon kang **21 araw mula sa petsa ng abisong ito** para i-access ang CalJOBS upang kumpletuhin ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro at magdagdag ng résumé. Kung nagamit mo na ang CalJOBS dati, kakailanganin mong i-update ang iyong impormasyon sa pagpaparehistro at idagdag ang tungkol sa iyong pinakahuling naging trabaho.

Kung hindi ka pa nakagamit ng CalJOBS, may inihandang tala bago ang rehistrasyon (pre-registration record) ang EDD para sa iyo. Para kumpletuhin ang proseso, mag-log in sa **www.caljobs.ca.gov**. Ang iyong username ay ang iyong buong apelyido, unang titik ng iyong pangalan, at huling apat na numero ng iyong Social Security number (SSN). Ang iyong password ay ang dalawang numero na araw ng iyong kapanganakan, ang dalawang numero na buwan ng iyong kapanganakan, at ang huling apat na numero ng iyong SSN.

**HALIMBAWA:** Para sa may pangalan na Jane Smith, na ipininanganak noong ika-4 ng Hulyo, at may huling apat na number ng SSN bilang 1234. Tandaan na gamitin ang iyong sariling impormasyon kapag nag-log in sa CalJOBS.

**Username:** Smithj1234  
**Password:** 04071234

Aabisuhan ka na palitan ang iyong pansamantalang password sa unang pagkakataong mag-log in ka. Kung hindi ka makapag-log in o kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na America's Job Center of California<sup>SM</sup> (AJCC) na nakalista sa ibaba.

**Ang iyong pagkabigo na magrehistro at i-update ang iyong résumé sa CALJOBS<sup>SM</sup> ay maaaring makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado na makatanggap ng benepisyo sa UI.**

Sa CalJOBS, maaari kang gumawa ng may kalidad na résumé na matitingnan ng mga nakarehistrong employer. Maaari kang tumingin at mag-apply para sa malawakang klase ng mga mapapasukang trabaho sa California. Maaari kang magtakda ng "Virtual Recruiter" sa seksyon ng Job Seeker Services (Mga Serbisyo para sa Naghahanap ng Trabaho) upang awtomatiko kang maabisuhan sa pamamagitan ng email kapag mayroong mga bagong mapapasukang trabaho na akma sa iyong mga kasanayan at layunin.

Upang makapagsimula, maaari mong ma-access ang CalJOBS online sa **www.caljobs.ca.gov** o sa pamamagitan ng **pagbisita sa isang lokal na AJCC**. Kung wala kang access sa Internet o kailangan mo ng tulong sa pag-access sa CalJOBS, bisitahin ang pinakamalapit na job center sa iyo kung saan maaari kang gumamit ng computer para sa iyong online na paghahanap ng trabaho, at mayroon ding mga kawani na tutulong sa iyo sa bawat hakbang na tatahakin.

Ang address at numero ng telepono ng iyong lokal na AJCC ay:

**Ang iyong lokal na America's Job Center of California**  
**0000 Main St.**  
**Lungsod, CA ZIP Code**  
**000-00-0000**

Ang EDD, isang employer/programa na nagbibigay ng patas na oportunidad, ay isang katuwang sa publikasyong ito. Available sa mga indibidwal na may mga kapansanan ang karagdagang tulong at mga serbisyo kapag hiniling. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong at/o mga alternatibong format ay kailangang ihain sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (boses) na nakalista sa itaas o sa TTY 1-800-815-9387.